

1 Lahat tayo ay dating mga alipin.

Ngayon, hindi na tayo mga alipin kundi mga anak. . . .

MGA TAGA-GALACIA 4:7

Lahat tayo ay naging alipin ng mga pamantayan ng mundo, taglay ang paniniwala na ang kabutihan natin at pagiging katanggap-tanggap ay ayon sa ating kakayahan na gawin ang tama at hindi gawin ang hindi tama. Ibinigay ng Diyos ang kautusan hindi upang palayain tayo mula sa mga ito, kundi upang ipakita sa atin kung gaano tayo kamakasalanang at kung gaano kalaki ang pangangailangan natin sa Tagapagligtas. Nang dumating si Jesus, iniligtas Niya tayo mula sa kasalanan at binigyan Niya tayo ng kalayaan. Hindi na tayo mga alipin. Paano mo isinapamuhay ang kalayaan mo kay Cristo?

2 Tayo ay inampon at ginawang mga anak.

Ngayon, hindi na tayo mga alipin kundi mga anak. At kung mga anak tayo ng Diyos, tagapagmana rin tayo ng mga pangako niya.

MGA TAGA-GALACIA 4:7

Dahil kay Jesus, tayo ay pinili ng Diyos na mapabilang sa Kanyang pamilya at makatanggap ng lahat ng karapatan at pribelehiyo ng Kanyang anak. Magagawa nating lumapit sa Diyos, makipag-usap sa Kanya anumang oras, at malayang magtanong sa Kanya. At dahil Siya ang Hari, bahagi tayo ng Kanyang kaharian. Naranasan mo na ba ang kasiyahan na dala ng pagkakaroon ng mga karapatan bilang mga anak ng Diyos? Paano?

3 Tayo ngayon ay mga tagapagmana ayon sa ipinangako.

At dahil kayo'y kay Cristo na, kabilang na kayo sa lahi ni Abraham at mga tagapagmana ng mga ipinangako ng Diyos sa kanya.

MGA TAGA-GALACIA 3:29

Bahagi ng pagiging kabilang sa pamilya ng Diyos ang pagiging *mga tagapagmana ng mga ipinangako*. Ang mana ay hindi pinaghihirapang matanggap—ito ay ibinibigay nang walang kapalit. Ang mga magulang, kadalasan ay mga ama, ang siyang nagtatakda at naghahanda ng mana, at ang responsibilidad ng pangangalaga nito ay maipapasa lamang sa anak kapag ang mana ay ibinigay na sa kanya. Kay Cristo, inihanda ng Diyos ang mana natin bago pa man natin tinanggap si Jesus bilang ating Panginoon at Tagapagligtas. Ayon sa Mga Taga-Efeso 1:3, ano ang mana na gustong ibigay ng Diyos bilang pagpapala sa atin?

APPLICATION

- May mga pagkakataon ba kung kailan kumilos ka na parang isang alipin o tagapagsilbi sa halip na anak ng Diyos? Ano ang gagawin mo sa ibang pamamaraan ngayong linggo ngayon na alam mo nang ikaw ay anak ng Diyos?
- Anong mga pangako ang pinanghahawakan mo bilang pamana mo mula sa Diyos? Anong mga berso sa Bibliya ang pinanghahawakan mo sa mga panahong ito?
- Sino sa mga kaibigan at kamag-anak mo ang kailangang maka-alam ng pagkakakilanlan niya bilang anak ng Diyos at ng pamana sa kanya ng Diyos? Mangakong maghahanap ka ng mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa kanya.